Republic of the Philippines
Department of Education
**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**
3rd Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City

OPEN HIGH SCHOOL PROGRAM
(KURIKUKUM NG EDUKASYONG SEKUNDARYA NG 2010)

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I

# MODYUL 11: MGA PANLOOB NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGHUBOG NG MGA PAGPAPAHALAGA



IKATLONG MARKAHAN: KAUGNAYAN NG PAGPAPAHALAGA AT *VIRTUE*

**Edukasyon sa Pagpapahalaga I**

**Ikatlong Markahan**

# Modyul 11: **MGA PANLOOB NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGHUBOG NG MGA PAGPAPAHALAGA**



## TUKLASIN ANG IYONG PAG-UNAWA (*EXPLORE*)

Sa nakaraang modyul, nalaman mo na mayroon kang mga taglay na pagpapahalaga at *virtue* na kailangan mong patuloy na isabuhay upang mapanatili ang iyong pagiging mabuting tao. Sa modyul na ito, lubos mong mauunawaan na may mga salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ng tao. Makatutulong ang mga ito sa iyo sa pag-iwas mo sa paggawa ng masama at pagiging matatag sa paggawa ng mabuti.

**Sa modyul na ito inaasahang:**

a. masasagot mo ang tanong na: Bakit mahalagang maunawaan ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga?
b. maisasagawa mo ang mga tiyak na hakbang na ilalapat mo sa pang-araw-araw na kilos at pagpapasiya na makatutulong sa paghubog ng bawat panloob na salik.

**Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik <u>b</u>:**

a. May paglalapat na gagawin sa bawat isang salik
b. May mga tiyak na hakbang sa paglalapat sa pang-araw-araw na gawain
c. Nailalahad nang malinaw ang hakbang na gagawin
d. May patunay ng pagsasabuhay
e. May kalakip na pagninilay


**Paunang Pagtataya**

Ikaw ngayon ay mahaharap sa isang kakaibang pagsasanay. Masdan ang mga larawan sa ibaba. Tukuyin ang larawang nagpapakita ng gawang mabuti at gawang masama. Isulat ang **A** kung ito ay mabuti at kung ang pahayag ng tauhan ay maipagmamalaki. Isulat ang **B** kung ito ay masama at kung ang pahayag ng tauhan ay di maipagmamalaki. Isulat ang sagot sa kuwaderno. Handa ka na ba?

1.

Sige po, inom p kayo.

2.







4.




5.




6.



7.


Sumusobra
ka na talaga!

8.


Maganda
palang
tumulong..

9.


Para sa inyo
po. Tiyak
gutom kayo.

10


Dapat
bilisan ko
habang
abala sila.

11.


Huwag
kang mag-
alala, ligtas
ka na.

12.


Mano
po,lolo!
Kumusta
po kayo?
Mabuti
naman
ako, apo.
Salamat sa
pagbisita.

13.




14.




Sagutin ang  mga tanong sa ibaba sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang mga naging reaksiyon mo sa mga sitwasyon na nasa itaas?
2. Madalas mo ba itong makita sa iyong paligid? Naaapektuhan ka ba ng mga ito?
3. Paano ka nagdedesisyon sa mga sitwasyon na nangangailangan ng malaya ngunit matalinong pagpapasiya?  (Halimbawa: Isinaalang-alang ko ang higit na mabuti hindi lang para sa sarili ko kundi para rin sa iba)

Upang higit kang magabayan sa paksang ating pinag-aaralan, subukin na suriin naman ang tatlong sitwasyon sa ibaba at ilagay ang sarili sa pangyayaring inilalahad.

**Pagtuklas ng Dating Kaalaman**

Unang Magandang Balita

### ***TRICYCLE DRIVER*, BUKAS-LOOB NA NAGSAULI NG CELLPHONE**

Muli, ay may nagbalik na naman ng isang mamahaling cellphone.  Ayon kay Tho Umba, habang binabagtas niya sakay ng de payong na traysikel (*motorcycle de pasahero with sidecar*) nang makita niya ang cellphone sa may tulay na malapit sa tahanan ng mga Padua, na nasa *national highway*, Barangay Nuro, Upi, Cebu (http://www.rmnnews.com)







Inihatid ni Tho Umba driver ng "payong-payong" (motorcycle with sidecar)  ang mobile na Nokia 1200 na natagpuan sa may tulay malapit sa Padua residence, sa Nuro Upi, kahapon March 2, 2009. Nasa Kaliwa si Donald Ventura-DXUP FM habang tinatanggap ang celpon.

Aktwal na pagsauli ni Umba sa pulisya

Ikalawang Magandang Balita

**MAG-AARAL NA NAGBALIK NG NATAGPUANG MALAKING PERA, PARARANGALAN**

(RMN-Cebu) Magbibigay ng parangal ang *Cebu Provincial Police Office* sa isang mag-aaral nakapulot at nagbalik sa natagpuan nitong P50,000 sa kanilang paaralan.

Gagawin ng CPPO ang isang simpleng pagpupugay ng mga awtoridad para sa 9 na taong gulang na si Kathlene Taypin matapos niyang ibalik ang natagpuang pera na pinaghihinalaang kabilang sa P1.5 milyong nakuha sa isang *robbery incident* sa lungsod ng Lapu-Lapu.

Si Taypin ay isang mag-aaral sa *Malhiao Elementary School* sa bayan ng Badian lalawigan ng Cebu.

Ayon sa PNP, dapat gawing modelo ng ibang kabataan ang ginawa ni Taypin na nagpapakita ng pagiging tapat dahil sa pagsauli nito sa pera.

Magbibigay ang PNP ng bigas at *canned goods* kay Taypin pagkatapos ng kanilang *flag raising ceremony*.

Ikatlong Magandang Balita

**ISANG PAG-ASA, PITAKA: pagpupugay kay Leoncio Pagtama at sa Iba Pang Katulad Niya**

Natapos ang pighati ni Allin nang ibinalita sa kaniya na isinauli ng dyanitor ng *College of Engineering* ang kaniyang pitaka, at walang nabawas kahit na isang kusing, Leoncio Pagtama ang pangalan ng ating bayani. Hindi na ako nagulat nang nabalitaan ko ang kagandahang-loob ni Mang Leoncio sapagkat minsan na rin siyang nagsauli sa akin ng nawala kong relo.

Halos lahat tayo ngayon ay dumaraing sa hirap ng buhay bunsod nang patuloy na krisis sa ating ekonomiya. Sa mga panahong tulad nito, napakalakas ng udyok na angkinin ang pag-aari ng iba. Kaya naman saludo ako kay Mang Leoncio dahil batid kong ang pinakamahirap na laban ay ang pakikipagtuos sa sarili upang gawin ang tama kahit na at lalo na kapag walang nakakikitang iba.

Hindi kataasan ang natapos na pag-aaral ni Mang Leoncio ngunit larawan siya ng katapatan, hindi tulad ng marami sa ating mga lider panlipunan na bagama't nagtapos sa mga tanyag na paaralan ay napapasama sa paggawa ng mga katiwalian. (http://www.rmnnews.com)

Nakahahanga ba ang mga ibinalita sa itaas? Nakikita mo ba ang iyong sarili sa bawat pangyayari sa itaas? Subuking sukatin ang iyong pag-unawa batay sa pagsagot sa mga tanong: Isulat ang kuwaderno ang sagot.

1. Ano ang nag-udyok kina Umba, Kathlene at Mang Leoncio na isauli ang napulot na bagay at pera?
2. Magbigay ng tatlong mahahalagang natutuhan mula sa kanilang mabuting ginawa.

   2.1 ________________________________________________________.

   2.2 ________________________________________________________.

   2.3 ________________________________________________________.

3. Nakikita mo ba ang iyong sarili sa kanila? Ano ang ipinahahayag sa iyo ng mga ibinalita sa itaas?

Sapat na ba ang natutunan mo sa natapos na bahaging ito ng aralin? Tuklasin mo ito sa pamamagitan ng pagtaya sa mga sagot mo sa mga sumusunod na tanong:

**Pagtataya ng mga Pagkatuto**: **Kaalaman *(Knowledge)*** **–** **15%**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pahayag. Isulat ang **Tama** kung ito ay nagpapahayag ng wastong kaisipan. Isulat ang **Mali** kung ito ay nagpapahayag ng maling kaisipan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Maipagmamalaki ang paggawa ng mabuti.
2. Nakadepende sa uso ang paggawa ng mabuti; kung hindi na uso huwag na itong gawin para hindi pagtawanan ng iba.
3. Tama na magsauli ng bagay na hindi sa iyo para bigyan ka ng parangal.
4. Nagdudulot ng kahihiyan ang paggawa ng masama.
5. Hindi masama ang magpakopya sapagkat kung ikaw naman ang nangangailangang mangopya, pakokopyahin ka.
6. May kakayahan ang taong gunamawa ng mabuti.
7. Nagdudulot ng kasiyahan ang paggawa ng mabuti
8. Ang hindi pagpapakopya ay hindi nangangahulugang pagiging maramot.
9. Tunay na kabutihan ang paggawa ng mabuti kahit walang nakakapansin sa paggawa mo nito.
10. May kakayahan ang taong gumawa ng masama.



## LINANGIN ANG IYONG PAG-UNAWA (*FIRM-UP*)

Ngayon naman, ikaw ay inaatasan na suriin ang mga artikulong inihanda para sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay-puna o reaksiyon sa gawang masama.

**Artikulo 1**

**3 katao tiklo sa pagnanakaw**

Ni Tony Sandoval (Pilipino Star Ngayon) updated May 13, 2011 12:00 am

QUEZON, Philippines — Arestado ang tatlo-katao kabilang ang dalawang miyembro ng Cafgu matapos pagnakawan ang tindahan ng *poultry supply* sa Barangay Rizal Poblacion sa bayan ng Lopez, Quezon, kamakalawa ng madaling-araw. Pormal na kinasuhan ng pulisya ang mga suspek na sina Carlo Merciales, 21; Roger Holar, 25, kapwa na naka-*assign* sa Gumaca, Quezon at si Cristopher Gracela, 20. Ayon kay SPO4 Raul Paraiso, pinasok ng mga suspek ang *Kitz Reyes Feeds Supply* sa pamamagitan ng pagsira sa bubong nito. Tinangay ng mga suspek ang ilang kagamitan sa tindahan kabilang na ang mga gamot, *feeds supply* at P20,000 *cash*. Sa *follow-up operation* ng pulisya ay naaresto ang mga suspek sa magkakahiwalay na lugar.

Reaksiyon:

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**Artikulo 2**

**speaking of pangongopya...**

pero minsan, kailangan nating magpakopya. oo. yan ang opinyon ko. kasi hindi naman tayo perpekto. may mga araw din na nakalimutan nating gumawa ng *assignment* o hindi natin natapos ang *assignment* dahil hindi natin alam kung pano sagutin ang mahihirap na tanong. oo, inaamin ko. nagpapakopya ako minsan. PERO MINSAN LANG. hindi ko naman kasi kayang magpakopya palagi. nakaka*guilty* kaya. kapag palagi kang nagpapakopya sa mga kaklase mo, tinutulungan mo sila.tinutulungan mo silang maging *spoiled* at umasa sa *assignment* mo.naalala ko pa tuwing may *assignment* sa *Math*. pagpasok na pagpasok ko sa *classroom*, lumalapit na kaagad ang mga kaklase ko at sinasabing“turuan mo naman ako *please*?”, “hindi ko to maintindihan. paturo please?” siyempre naiirita ako. pero wala akong magawa kasi nakakaawa sila at gusto ko rin namang tumulong. pero kahit ako, hindi perpekto. minsan nakakalimutan ko na may *assignment* pala. kaya *helpful* talaga ang pagpapakopya ko minsan dahil pinapakopya din nila ako. HEHEHEHE :))
hindi ko kayo ini-*encourage* na komopya ng assignment ha.HAAHAHAHA. sinasabi ko lang na lahat tayo ay naka-*experience* na mangopya. hindi ka tunay na estudyante kung hindi ka pa nakapagkopya. *ALIEN KA*!

Reaksiyon:

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

1. Bakit kaya nagagawa ng ilang mga tao ang ganitong klaseng gawain?
2. Ano ang epekto sa iyong sarili at sa kapwa ng ganitong mga gawain?
3. Ano ang nakikita mong idudulot nito kung magpapatuloy ang ganitong gawain ng tao?

**Pagtataya ng mga Pagkatuto: Mga Proseso at Kasanayan** – 25%

*Panuto:* Kumpletuhin ang sumusunod na pangungusap:

1. Ang paggawa ng masama ay hindi nagaganap nang aksidente lamang kundi sa pamamagitan ng ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. Ang mali ay hindi maaaring magiging tama kahit pa
   ____________________________________________
   ____________________________________________
3. Hindi ang dikta ng iba ang dapat na sinusunod sa pagpapasya kundi ang
   ____________________________________________
   ____________________________________________

Makatutulong ang babasahin na inihanda para sa iyo upang lubos mong maunawaan ang mga salik na tutulong sa paghubog ng iyong pagpapahalaga. Tuklasin mo ang kaalamang naghihintay para sa iyo.



## PALALIMIN ANG IYONG PAG-UNAWA (*DEEPEN*)

### MGA PANLOOB NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGHUBOG NG PAGPAPAHALAGA

Anak ka ng Diyos, nilikha ka ayon sa Kanyang wangis. Sabihin man ng siyensya na nagmula ka sa lahi ng mga hayop at ang turing sa iyo ay pinakamataas na uri ng hayop, alam mo sa sarili mo na iba ka sa iba pang nilikha Niya. Ipinanganak ang lahat ng tao na may kapasidad na kilalanin ang tama sa mali, ang mabuti sa masama, ang dapat sa hindi dapat; isang biyayang alam natin na natatangi para sa isang taong katulad mo. Ngunit hindi sapat na alam natin ang tama at mali, kapalit ng pagbibigay sa atin ng buhay sa mundo ay ang pananagutang buuin ang ating pagkatao at hanapin natin ang ating tunay na layunin sa ating pagkalalang. Hindi tayo nilikha ng Diyos upang panoorin lamang ang ganda ng mundo o sirain ito. Nilikha tayo ng Diyos upang hanapin ang katotohanan at gawin ang kabutihan, hindi lamang para sa ating sarili kundi pati rin sa ating kapwa, pamayanan at bansa.

Ang bawat tao sa mundo ay nagtataglay ng mga pagpapahalaga, ngunit hindi nalilinang ang mga ito sa loob lamang ng isang magdamag. Dumadaan sa masusi at matagal na proseso ng paghubog ang mga ito. At sa prosesong ito, may mga bagay na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga ito. Dito sa mga impluwensyang ito nakasalalay kung anong uri ng mga pagpapahalaga ang mahuhubog sa isang tao.

May mga panloob na salik na nakaaapekto sa paghubog ng pagpapahalaga ng tao. Ang mga salik na ito ay matatagpuan *mismo* sa tao na nagtataglay ng pagpapahalaga.

**Mga Panloob na Salik na Nakaiimpluwensya sa Paghubog ng Pagpapahalaga**

1. **Konsensiya**. Naipaunawa sa mga naunang aralin na sa pamamagitan ng konsensya nalalaman agad ng tao ang mabuti at masama sa kongkretong sitwasyon. Ito ang batas moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao. Ito ay

ang praktikal na *paghuhusgang moral* ng isip - ang paghuhusga ng isip kung mabuti o masama ang isang kilos.

Tulad ng isang batang pumapasok sa paaralan upang turuan ng maraming mga kaalaman, tulad ng kasanayan sa pagsasagawa ng mga bagay (hal. pananahi o pagkukumpuni ng makina o sasakyan), kailangan din ng paglalaan ng panahon upang turuan o hubugin ang konsensiya. Mahalagang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon ng konsensiya.

Sa edad na anim o pito, nagsisimula na ang isang bata na makaunawa na ang kanyang mga kilos ay maaaring maging kalugod-lugod sa mahahalagang tao sa kaniyang paligid o hindi. Nauunawaan na niya na ang ilang mga kilos ay maaaring magdulot ng pinsala sa kanyang kapwa at sa mga bagay na nasa kanyang paligid. Dahil sa edad na ito nagsisimula nang mahubog ang kanyang kakayahang makaunawa ng katwiran at matutong mangatwiran. At sa ganito kaagang yugto, napakahalaga ng bahaging maaaring gampanan ng mga magulang at guro para sa edukasyon ng konsensiya ng isang bata. Ayon kay Esteban (1990) maaaring gampanan ng mga magulang at guro ang mga sumusunod:

a. makatulong sa isang bata upang masuri ang lahat ng bagay na kanilang ginagawa, ninanais o hinahangad;
b. mamulat sa kung paano inuunawa ng isang bata ang tama at mali;
c. maging bukas sa pagtanggap sa kanilang kabuuan, ano man o sino man ang mga ito;
d. maiparamdam sa mga bata ang paggalang sa kanilang pagiging tao, at;
e. maging mapagpasensya at matatag sa pagharap sa kanilang mga pagkakamali, maliit man ang mga ito o malaki at tiyakin na lalakipan ang pagharap na ito ng malalim na pag-unawa.

Kung nahubog ka na gamitin ang tamang konsensiya mula sa iyong paglaki bilang isang nagdadalaga o nagbibinata, napalalakas ang iyong kakayahang makabuo ng moral na paghusga. Sa malalim na kakayahang ito nakasalalay ang paghubog ng tama at mataas na antas ng pagpapahalaga.

2. **Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan**. Marahil masaya ka sa yugtong ito ng iyong buhay dahil may mga bagay na malaya mo nang nagagawa ngayon. Namumulat ka na ngayon sa lumalawak na saklaw ng iyong kalayaan. Maaari ka na ring mamili kung gagawin mo o hindi ang isang bagay. Marahil, sinasabi mo sa iyong sarili, ito naman talaga ang kahalagahan ng kalayaan, ang kahalagahan ng pagiging malaya. Ngunit nagagamit mo ba nang tama ang iyong kalayaan? Ano ba ang tunay na kahalagahan nito? Masasabi lamang na nagagawa ang tunay na kalayaan kung:

   (a) nakikilala ang tama at mali batay sa paghuhusga sa mga prinsipyong etikal;

   (b) sinusunod ng tao ang kaniyang likas na kakayahang gawin ang tama at iwasan ang masama (Esteban, 1990).

Sa mga pagkakataong ito, saka pa lamang masasabing tunay na ginagamit ng tao ang kaniyang konsensiya at tunay na sinusunod ang batas moral. Ang mga ito ang pangunahing sandigan sa paghubog ng pagpapahalaga.

Sa maagang yugto nararapat na gabayan ang isang tinedyer sa mapanagutang paggamit ng kalayaan. Maaaring gamiting halimbawa ang isang magulang na nagbibigay ng mamahaling regalo sa kanyang nakababatang anak. Nararapat na may kalakip na paalala na kailangan niya itong ingatan at pahalagahan upang hindi ito masira o kaya naman ay mawala. Maaaring ipabatid dito na kapag hindi niya ito iningatan ay hindi na muli siya bibigyan ng iba pang regalo. Sa paraang ito, malalaman ang responsibilidad na kapalit ng pagtanggap niya ng laruan mula sa kanyang magulang. Magiging dahilan ito upang hindi niya ito sirain o kaya ay pabayaan na mawala at makuha ng iba pang mga bata. Sa maliit na mga bagay na katulad nito natuturuan ang isang bata na maunawaan na ang kalayaan ay may kakambal na responsibilidad.

Dapat maunawaan ng isang tinedyer na katulad mo na mahalagang matutuhan ang mapanagutang paggamit ng kalayaan. Ito ang pangunahing kakayahang kailangan upang makapagsagawa ng tamang pagpapasyang moral at makapili ng tamang mga pagpapahalaga.

3. **Pagiging Sensitibo sa Gawang Masama**. Ang pagtukoy sa pangkalahatang kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao ay masusukat sa pamamagitan ng mga sumusunod:
   a. layon (end) – tumutukoy sa layunin, dahilan o intensiyon ng kilos at ng gumagawa ng kilos
   b. pamamaraan (means) - ay ang mismong kilos o gawa
   c. mga pangyayari (circumstances) – konsiderasiyon sa oras, lugar, paraan o ang tumutugon sa tanong na kailan, saan, paano o gaano

Kung ang lahat ng tatlong nabanggit sa itaas ay pawang mabuti, matatawag na *mabuti* ang isang kilos. Ngunit kung ang isa man sa mga ito ay masama, ang kabuuan ng kilos ng tao ay maituturing na *masama* kahit pa ang dalawa dito ay mabuti. Halimbawa, nais mong tulungan ang iyong kaklase na maaaring bumagsak sa Matematika kung kaya pinakopya mo siya sa oras ng pagsusulit. Nawawalan ng halaga ang iyong layon na tumulong dahil hindi maganda ang iyong pamamaraan ng pagtulong. Hindi pa rin matatawag na tunay na mabuti ang iyong kilos.

Ang isang kilos na masama ay hindi maaaring ipagwalang-bahala. Ang kilos na katulad ng pananakit ng kapwa, pisikal man o emosyonal, na nagiging paraan ng mga kabataang katulad mo upang magsaya o malibang; ang pangongopya sa pagsusulit, kahit pa tinatanggap nang "normal" na gawain ng isang nagdadalaga o nagbibinata na katulad mo; ang pagkuha ng gamit na hindi sa iyo; ang pagsisinungaling, kahit pa tinatawag mong "white lies" ay masama at hindi nararapat na ipagsawalang-bahala na lamang. Bilang kabataan, kailangang maging mulat ka kung masama ang iyong kilos. Hindi katanggap-tanggap na dahil ang isang kilos ay madalas na ginagawa ng marami ay maituturing nang normal o hind na dapat ikabahala.

4. **Pagsasabuhay ng mga *Virtue*** *(Practice of virtues)*. Masasabi lamang na naging matagumpay ang pagtuturo ng Edukasyon sa Pagpapahalaga ng iyong guro o ng iyong mga magulang kung tunay mong isinasabuhay nang paulit-ulit ang iba't ibang mga birtud. Ito ang pinakamatibay na patunay na naisaloob ng isang kabataang katulad mo ang moral na pagpapahalaga. At kapag isinasabuhay na ang mga pagpapahalaga, nangangahulugan ito na unti-unti nang mahuhubog ang

iyong kilos o gawi (attitude) na siya namang mahalaga upang mahubog ang iyong magandang ugali o asal (behavior). Ang moral na pagpapahalaga ay dapat na mailapat sa anumang mahahalagang pagpapasya, aksyon o kilos. Mahalagang kasanayan din ito na makatutulong upang mapaunlad ang iyong isip, hangarin at kilos.(Haring, B.,1912)

Anumang kilos na isinasagawa nang paulit-ulit ay maaari ng maging bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Katulad ng paggawa ng takdang aralin, magiging bahagi na ito ng mga gawain sa araw-araw kung patuloy na ginagawa. Maaari pa ngang makaramdam ng kakulangan kung ito ay hindi maisasagawa.

5. **Disiplinang Pansarili**. Upang mahubog ang disiplinang pansarili, kailangan ng taong matutuhan ang sumusunod:
   a. magsikap na mag-isip at magpasiya nang makatuwiran (rational)
   b. maging mapanagutan sa lahat ng kanyang kilos
   c. tanggapin ang kalalabasan (consequence) ng pasya at kilos
   d. gamitin nang wasto ang kanyang kalayaan

Ang paghikayat sa mga anak o mag-aaral na magkaroon ng disiplinang pansarili ay maaaring isa sa pinakamahirap na gawain (task) na maaaring isagawa ng isang magulang o ng isang guro. Ito ay dahil hindi galing sa panlabas na mga impluwensya na maaaring maidikta sa isang bata, kundi kailangang manggaling sa kanyang sariling pagnanais na ito ay isagawa. Hindi madali ang magkaroon ng pagpipigil sa sarili na gawin ang mga bagay na nakasanayang gawin o sanayin ang sarili na isagawa nang paulit-ulit ang mga birtud. Ang pagsasanay para sa disiplinang pansarili ay dapat na magsimula sa mga unang taon ng isang bata, sa paggabay ng kanyang mga magulang o mga guro. Maaaring gawin ang mga sumusunod:

a. Turuan ang isang batang mamuhay sa katotohanan at sanayin ang kanyang kakayahang gamitin ang tamang katwiran
b. Tulungan ang isang batang ipagpaliban ang anumang paghahangad sa mga bagay na para lamang sa pansariling kasiyahan (delayed gratification)
c. Hikayatin ang isang bata na tumanggap o umako ng pananagutan

d. Turuan ang isang bata na magsakripisyo at makaranas ng paghihirap na pinananatili ang dignidad at puno ng pagtitiyaga.

6. **Moral na Integridad.** Ang moral na integridad ay mapananatili kung magiging matatag sa pakikibaka para sa katotohanan at kabutihan. Ito ay ang pagsasaloob ng mga katotohanang unibersal at pagpapahalagang moral. Nalilinang ito sa pamamagitan ng maingat na paghusga ng konsensiya at pagsasabuhay ng mga birtud.

Ang pagkakaroon ng moral na integridad, ayon kay Carter, S. (Olson, L.) ay bunga ng pagsasama ng sumusunod:




a. *Masusing Pag-iisip batay sa Moral na Pamantayan (Moral Discernment)*. Ito ang kakayahan ng tao na masuri at maihiwalay ang tama sa mali. Ito ay nangangailangan ng pagmumuni sa kahulugan ng mabuti at masama at sa kung paano ito mailalapat sa sarili at sa kapwa. Kasama rin ang pagkakaroon ng kakayahan na bumuo ng paglalahat mula sa ginawang malalim na pag-iisip o pagsusuri (discernment) upang makabuo ng sariling paniniwala (convictions).




b. *Matibay na Pagkapit sa Sariling Paniniwala (Consistent Behavior)*. Kung ang isang tao ay may matibay na paninindigan sa sariling paniniwala (convictions), ang lahat ng kanyang kilos ay naaayon sa mga ito. Kahit maharap siya sa iba't ibang sitwasyon sa paglipas ng mahabang panahon, kapansin-pansin na ang kanyang kilos ay nananatiling matatag na nakakapit sa kanyang sariling paniniwala.

c. *Hayagang Paninindigan (Public Justification).* Ito ang kakayahang ibahagi sa iba na ang tao ay kumikilos nang naaayon sa kanyang sariling paniniwala at ang paniniwalang ito ay bunga ng malalim na pag-iisip at matamang pagsusuri. Ang isang taong may moral na integridad ay hindi nahihiyang gawin ang anumang pinaniniwalaan niyang tama sa gitna ng mga nagtutunggaling paniniwala. Bukas din siya at tapat sa pagbabahagi ng kaniyang mga binabalak, ninanais at mga bagay na nagtutulak o nag-uudyok sa kanya upang gawin ang isang bagay (motivations). Ang isang taong may moral na integridad ay may tiwalang ibahagi sa ibang tao ang kanyang sariling paniniwala na maaaring maging daan upang mahimok ang ilan na maniwala at makiayon.




May kasabihan na mas madaling hubugin ang isang puno habang ito ay bata pa lamang. Ang pagsasanay sa sarili na magpasya at kumilos nang mapanagutan habang bata pa lamang ay kailangan lalo na sa kasalukuyang panahon. Maraming mga pangyayari sa ating lipunan na kailangan ng katatagan at matibay na paninidigan na magpasya ayon sa *moral* na pamantayan. Maraming hamon na inihahain ang ating kapwa na kailangan ng katalinuhan, katatagan at pananagutan. Sa modernong panahon katulad ngayon, mahalagang may matibay na pundasyon ang mga pagpapahalaga. Kaya kailangan simulan mo na itong hubugin. Isa rin itong hamon para sa iyo. Tutugon ka ba?

Marami ka na namang natuklasan sa pamamagitan ng iyong pagbabasa. Alamin mo ang lalim ng iyong naunawaan dito.

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Bakit mahalagang maunawaan ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ano-anong mga kasanayan ang dapat na matutuhan ng tao upang mapatibay ang pundasyon ng kaniyang mga pagpapahalaga?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang maitutulong ng paghubog ng mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga sa isang tinedyer na katulad mo?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Paghinuha ng Kakailanganing Pag-unawa (Essential Understanding o *EU*)**

Sagutin ang Kakailanganing Tanong:

Bakit mahalagang maunawaan ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga?

**Pagtataya ng mga Pagkatuto: Pag-unawa - 30 %**

*Panuto*: Sagutin ang tanong na ito sa iyong kuwaderno:

Ilarawan ang isang taong nahubog at ginagamit nang tama ang sumusunod na panloob na salik:

- Konsensiya
- Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan
- Pagiging Sensitibo sa Gawang Masama
- Pagsasabuhay ng mga birtud
- Disiplinang Pansarili
- Moral na Integridad

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



## ISABUHAY ANG IYONG PAG-UNAWA (*TRANSFER*)

Inaasahan kong naging malinaw sa iyo ang konseptong naipaliwanag sa babasahin tungkol sa mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga ng tao. Mahalaga ito upang masanay mo ang iyong sarili na malinang ang iyong pagpapahalaga gamit ang mga salik na ito.

Sa bahaging ito ng aralin, tutulungan ka kung paano mo ito gagawin.

**Pagganap**

Pumili ng isa sa anim na panloob na salik na sa tingin mo ay kailangan mong bigyan ng higit na pansin at dapat paunlarin. Kilalanin ang negatibong paraan ng paggamit mo ng panloob na salik na ito. Banggitin din ang epekto sa iyo ng negatibong paggamit nito. Isulat ang mga natuklasan mo gamit ang pormat ng tsart sa ibaba. May ibinigay na dalawang halimbawa na maaari mong sundan.

| Panloob na Salik | Tukuyin ang negatibong paraan ng paggamit mo sa mga panloob na salik | Ano ang naging epekto sa iyo ng kilos na ito |
|---|---|---|
| Halimbawa:<br>Konsensiya | Pagbabalewala sa bulong ng konsensiya na gawin o piliin ang mabuti. | Nasasanay ang sariling hindi pinakikinggan ang sinasabi ng konsensya bilang gabay o nagiging manhid. |
| Disiplinang Pansarili | Inuuna ang panonood ng paboritong programa sa telebisyon kaysa sa paggawa ng gawaing bahay. | Nagiging palaasa at tamad sa paggawa ng gawaing bahay. |

Ngayon ikaw naman, simulan mo sa bahaging ito. Gawin ito sa kuwaderno.

| Panloob na Salik | Tukuyin ang negatibong paraan ng paggamit mo sa mga panloob na salik | Ano ang naging epekto sa iyo ng kilos na ito |
|---|---|---|
| | | |

**Pagninilay:**

May halaga ba na binigyan mo ng pansin ang mga negatibong paraan ng paggamit mo ng mga panloob na salik ? Ano ang natuklasan mo kaugnay ng negatibong paraan ng paggamit sa panloob na salik? Ano ang epekto sa tao ng negatibong paggamit sa panloob na salik sa kilos o maging sa pagpapahalaga ng tao? Pareho kaya na nakaiimpluwensya ang negatibo o positibong paraan ng paggamit ng mga panloob na salik na ito? Isulat mo ang pagninilay na ito sa journal o diary notebook mo.

| | |
|---|---|
| Dahil sa negatibo kong paggamit ng panloob na salik, natuklasan ko | Epekto ng negatibong paggamit sa panloob na salik |
| Nahinuha kung parehong nakaiimpluwensya ang positibo at negatibong paraan ng paggamit ng mga panloob na salik sa pagpapahalaga ng tao? | Kongklusyon na nabuo kaugnay nito |

**Pagsasabuhay:**

**Pagtataya ng mga Pagkatuto: Produkto o Pagganap batay sa Kraytirya - 30%**

Ang pagtuklas sa epekto ng negatibong gawain ay hindi sapat upang mapaunlad ang pagpapahalaga ng tao. Kailangan ang tapat na pagsasabuhay ng tamang paraan upang mahubog ang bawat panloob na salik. Nakahanda ka ba upang balikatin ito?

*Panuto*: Gawin ang tsart na nasa ibaba. Punan ang bawat kahon ng mga tiyak na hakbang na iyong ilalapat sa pang-araw-araw na gawain at pagpapasiya na makatutulong sa paghubog ng bawat panloob na salik. Gabay mo ang unang kahon (konsensiya).

Konsensiya

Halimbawa:

- Kokonsultahin ang aking konsensiya bago magsagawa ng pasya o kilos

Pagsasabuhay ng mga birtud

Tiyak na hakbang:

_______________________________
_______________________________

Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan

Tiyak na hakbang:

_______________________________
_______________________________



Disiplinang Pansarili

Tiyak na hakbang:

_______________________________
_______________________________

Pagiging Sensitibo sa Gawaing Masama

Tiyak na hakbang:

_______________________________
_______________________________

Moral na Integridad

Tiyak na hakbang:

_______________________________
_______________________________

1. Mula sa iyong inilista, pumili ng isang paraan na gagawin mo sa isang buong linggo.
2. Itala ang paraan ng pagsasakatuparan ng gawain, petsa kung kailan ito inumpisahan at

petsa kung kailan ito natapos.

3. Isulat ang iyong natutunan mula sa gawain, lagdaan at ipasa sa iyong guro. Maaari mong gamiting gabay ang halimbawa at pormat na ito:

| Pauunlaring Salik | Gagawin | Pagsasagawa<br>Petsa ng Pagsisimula ______________ Petsa ng pagtatapos ____________ | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Lunes | M | M | H | B | S | L |
| Halimbawa:<br>Konsensiya | • Susuriin ang aking konsensiya bago magsagawa ng pasya o kilos | Niyaya ako ng kaibigan ko na maligo sa sapa. Sasama sana ako pero naalala ko na hindi alam ng magulang ko ang tungkol dito kaya hindi ako sumama sa kanya. | Dahil sa kagus-tuhan kong mabili ang paborito kong pagkain hindi ko ibinigay ang sukli ni kuya nang inutusan akong bumili sa tindahan. Hindi ko rin ito sinabi sa kanya kahit nagi-*guilty* ako. | Kinausap ko ang kuya para sabihin ang totoong ginawa ko at nagsorry ako sa kanya. | | | | |
| Natuklasan at natutuhan ko mula sa gawain: | | | | | | | | |
| ________________________________<br>Lagda ng Mag-aaral | | | | | | | | |

Muli natapos mo na naman ang isang modyul kaya't binabati kita sa pagtagumpay mong tapusin ito. Hangad ko ang iyong lubos na pag-unawa sa kahalagahan ng mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga. Hangad ko rin na maisagawa mo nang wasto ang mga hakbang na ilalapat sa pang-araw-araw na gawain upang mahubog ang mga salik na ito. Magiging kapaki-pakinabang ang natutunan mo rito sa pag-aaral mo ng susunod na modyul. Ipagpatuloy ito!

Mga Sanggunian:

Esteban, Esther J. (1990). *Education in Value: What, Why and for Whom*. Manila. Sinag-tala Publishers

Haring, Bernard (1912). *The Virtues of an Authentic Life: A Celebration of Spiritual Maturity*. Missouri. Liguori Publications

Olson, Leanne M. *The Relationship between Moral Integrity, Psychological Well Being and Anxiety*. Retrieved from www.charis.wlc.edu/publications/charis_spring02/olson.pdf on November 20, 2009

Quito, Emerita S. (1989). *Fundamentals of Ethics*. Manila. De La Salle University Press

Mga Larawan:

Sinipi noong May 20, 2011
http://www.rmnnews.com

http://riknakem.com

http://www.amazon.com

http:www.google.com.ph sinipi noong October 5, 2011

**Karagdagang Pahina**

**Sagot sa Pagtataya ng mga Natutunan:**

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Tama


**Sagot sa Pagtataya ng mga Kasanayan:** (Mga pamamaraan at pagsasanay – 25%)

*Panuto:* Kumpletuhin ang sumusunod na pangungusap:

1. Ang paggawa ng masama ay hindi nagaganap nang aksidente lamang kundi sa <u>pamamagitan ng pagproseso ng kaisipan at hindi tamang paggamit sa mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapaghalaga.</u>

2. Ang mali ay hindi maaaring magiging tama kahit pa <u>marami ang gumagawa nito at tanggap ito ng mga tao bilang normal.</u>

3. Hindi ang dikta ng iba ang dapat na sinusunod sa pagpapasya <u>kundi ang pagsasaalang-alang sa tamang paggamit ng mga panloob na salik</u>




1. Konsensiya
2. Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan
3. Pagiging Sensitibo sa Gawang Masama
4. Pagsasabuhay ng mga Birtud
5. Disiplinang Pansarili
6. Moral na Integridad

**Sagot sa Pagtataya sa Antas ng Pag-unawa** ( 30 %)

*Panuto*: Sagutin ang tanong na ito sa iyong kuwaderno:

Kung nahubog at ginagamit ng tao ang sumusunod na panloob na salik sa tama

- Konsensiya
- Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan
- Pagiging Sensitibo sa Gawang Masama
- Pagsasabuhay ng mga birtud
- Disiplinang Pansarili
- Moral na Integridad

Ilarawan kung anong uri ng tao magiging ang isang indibidwal

**Sagot:**

Ang indibidwal na ito ay nagiging maingat sa paggawa ng pasiya at kilos. Higit sa lahat nagiging mapanagutan siya sa kanyang pagpapasiya at pagkilos. May sarili siyang paninindigan kaya't hindi nadadala sa pambubuyo o pag-iimpluwensiya ng kanyang kapwa sa paggawa ng masama o maging ng isang mahirap na sitwasyon.

Rubric sa Pagtataya ng Produkto at Pagganap – (30%)

| DIMENSYON | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Pagtukoy sa mga tiyak na hakbang na gagawin sa paghubog ng panloob na salik<br><br>(10 puntos) | Makatotohanan ang mga hakbang na gagawin<br><br>Tugma sa panloob na salik na tinukoy | Mahirap isakatuparan ang mga hakbang na gagawin<br><br>Hindi masyadong tugma sa panloob na salik na tinukoy | Imposibleng maisakatuparan ang mga hakbang na gagawin<br><br>Hindi tugma sa panloob na salik na tinukoy |
| Pagtala ng mga tiyak na pagsasabuhay upang matupad ang itinakdang gawain<br><br>(10 puntos) | May pagsasabuhay ng gawain araw-araw | May isa o dalawang araw na hindi isinabuhay ang gawain | May tatlo o higit pang araw na hindi isinabuhay ang gawain |
| Pagpapahayag ng natuklasan at natutuhan sa sarili matapos ang gawain<br><br>(10 puntos) | • Tapat na inilahad ang tagumpay at kabiguan nang may bukas na isipan sa pamamagitan ng konkretong halimbawa<br>• Malinaw na inilarawan ang paraan ng pagkatuto<br>• Naipaliwanag nang epektibo ang pagpapahalaga, kaisipan at damdamin tungkol sa sarili<br>• Masidhi ang naising magbago | • Inilahad ang tagumpay at kabiguan na may bukas na isipan subalit walang konkretong halimbawa<br>• Inilarawan ang paraan ng pagkatuto at ekspektasyon<br>• Naipaliwanag ang pagpapahalaga, kaisipan at damdamin tungkol sa sarili<br>• Bukas ang isipan sa pagbabago | • Inilahad ang tagumpay at kabiguan<br>• Hindi bumanggit ng paraan ng pagkatuto at ekspektasyon<br>• Hindi binanggit ang mga pagpapahalaga, kaisipan at damdamin tungkol sa sarili<br>• Walang ipinahiwatig na naising magbago |